# PAGLILIPAT MULA SA OSPITAL PATUNGO SA PANGMATAGALANG PANGANGALAGA

**Ang pag-alis sa ospital ay ang susunod na step sa iyong paglalakbay sa pangangalaga.** Ipinaalam sa amin ng iyong tagapagbigay ng pangangalaga (care provider) na hindi mo na kailangan ng matinding pangangalagang medikal sa isang ospital.

Sa Ontario, mayroon kang isang range ng mga opsyon upang matulungan kang makakuha ng naaangkop na pangangalagang kailangan mo. Na-explore namin ang mga mapagpipiliang ito sa iyo at natukoy na ang pangmatagalang pangangalaga (long-term care) ay maaaring ang pinaka-angkop na kapaligiran para sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga.

Kung karapat-dapat, ang iyong pagpasok sa isang tahanan ng pangmatagalang pangangalaga (long-term care home) ay aayusin ng mga koordinator ng paglalagay (placement coordinator) sa Mga Serbisyong Pansuporta sa Pangangalaga sa Bahay at Komunidad (Home and Community Care Support Services). Ang iyong placement coordinator ay makikipagtulungan sa iyo upang suportahan ang iyong paglipat sa isang long-term care home na maaaring matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga, alinman sa iyong unang piniling tahanan o iba pa na maaaring makatugon sa iyong mga pangangailangan habang patuloy kang naghihintay para sa iyong unang piniling tahanan.

Ang mga pasyente, kanilang mga pamilya at mga tagapag-alaga ay hinihikayat na bisitahin ang mga long-term care home na tinalakay. Kung hindi mo mabisita ang mga tahanan, maaari mong tingnan ang mga larawan, impormasyon o virtual na mga paglilibot sa mga long-term care home sa Ontario sa ***www.thehealthline.ca***. Makakatulong ito sa iyo na maunawaan kung ano ang hitsura ng tahanan, kung saan ito matatagpuan, at makilala ang mga taong nagtatrabaho at nakatira sa tahanan.

**Tungkol sa Mga Long-term Care Home**

Ang mga long-term care home, ay nag-aalok ng ligtas, sigurado at espesyal na kapaligiran ng pangangalaga para sa mga taong hindi na makapamuhay nang mag-isa dahil sa mataas na level ng pangangalaga o pangangasiwa na kailangan nila. Ang mga long-term care home ay lisensyado at pinondohan ng Pamahalaan ng Ontario at dapat matugunan ang mga kinakailangan sa ilalim ng Batas ng Pag-aayos ng Pangmatagalang Pangangalaga (*Fixing Long-Term Care Act), 2021*.

- Ang lahat ng mga long-term care home ay kinakailangang matugunan ang parehong mga standard ng pangangalaga, anuman ang uri ng tahanan, modelo ng pagmamay-ari, lokasyon o laki.
- Ang mga long-term care home ay nagbibigay ng isang kapaligiran na katulad ng tahanan at maaaring mag-alok ng mga serbisyo ng libangan at mga suportang panlipunan.
- Ang ilang mga long-term care home ay mas makakapagbigay ng mga serbisyong angkop sa kultura, relihiyon at wika; pag-tailor ng mga pagkain, pang-araw-araw na mga praktis at mga aktibidad upang matugunan ang mga pangangailangang ito.

### Paano pinipili ang isang tahanan?

Nandito ang placement coordinator para suportahan ka. Ang aming layunin ay makipagtulungan sa iyo upang makahanap ng tahanan na tumutugon sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga sa loob ng 70 kilometrong radius ng mas gusto mong lokasyon. Ang iyong (mga) mas gustong lokasyon ay maaaring kahit saan sa Ontario, at maaaring ang lokasyon ng iyong unang piniling long-term care home, o ang lokasyon ng isang tagapag-alaga o miyembro ng pamilya. Kung ang iyong gustong lokasyon ay nasa North East o North West na rehiyon ng province, ang mga napiling tahanan ay maaaring nasa loob ng 150 kilometrong radius ng iyong mas gustong lokasyon o higit pa para matiyak na makapili kami ng tahanan upang matugunan ang iyong mga pangangailangan. Kung saan posible, isasaalang-alang ng placement coordinator ang iyong mga kagustuhan sa relihiyon, wika at etniko kapag pumipili ng isang tahanan.

### Gaano katagal ako maghihintay para makapasok sa isang tahahan na pinili ko?

Ang mga oras ng paghihintay ng long-term care ay nag-iiba depende sa mga tahanang pinili. Mangyaring makipag-usap sa iyong placement coordinator upang talakayin ang mga oras ng paghihintay para sa mga partikular na long-term care home.

### Bakit hindi ako maaaring maghintay sa ospital?

Ang ospital ay hindi isang tahanan. Ang mga ospital ay hindi idinisenyo upang matugunan ang isang Kahaliling Level ng Pangangalaga [Alternate Level of Care (ALC)] sa mga pangangailangan ng pasyente sa pagre-restore, pagsusuporta o rehabilitasyon, at habang naghihintay ka sa ospital, ikaw ay nasa panganib para sa mga impeksyon sa ospital. Mayroong mas naaangkop na mga kapaligiran, tulad ng long-term care, kung saan maaari kang makatanggap ng tamang pangangalaga sa isang parang-tahanan na kapaligiran at makinabang mula sa mga panlipunang aktibidad tulad ng kainan, libangan at pisikal na aktibidad. May katibayan na kung wala ang mga panlipunan at panlibangang suporta na binibigay sa ibang mga kapaligiran ng pangangalaga, maaari kang maging nasa panganib ng panghinina ng katawan at pag-iisip. Ang iyong napapanahong pagpasok sa isang long-term care home ay magtitiyak na makukuha mo ang kalusugan at personal na pangangalaga na kinakailangan upang suportahan ang iyong kalayaan, kaligtasan at kalidad ng buhay. Gayundin, ang panahon ng paghinga (respiratory season) sa fall at winter ay maaaring maglagay ng karagdagang presyon sa sistema ng kalusugan at limitahan ang kapasidad ng ating mga ospital. Ito ay nakakaapekto sa lahat ng mga Ontarian, kabilang ang mga maaaring mangailangan ng pangangalaga sa ospital.

### Ano ang mangyayari kung hindi ako sumasang-ayon sa proseso ng pagtanggap sa long-term care?

Kung hindi ka pumayag na masuri para sa pagpasok sa long-term care, gagamitin ng isang placement coordinator ang iyong mga rekord sa ospital at kalusugan, at magkokonsulta sa iyong doktor at mga care provider sa tahanan at komunidad, upang matukoy ang iyong pagiging eligible, kung kinakailangan. Kung eligible ka para sa long-term care, tutukuyin ng placement coordinator ang isa o higit pang mga tahanan sa loob ng layo ng iyong heograpiko na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga at ibabahagi ang iyong impormasyon sa mga tahanan para sa mga layunin ng pagtanggap o pagtanggi sa iyong aplikasyon. Patuloy na ipapaalam sa iyo ng placement coordinator ang buong proseso at ipapaalam sa iyo kapag may isang kama nang available.

### Ano ang mangyayari sa listahan ko ng mga tahanan kung lilipat ako sa isang tahanan na pinili ng aking placement coordinator?

Ang mga pasyenteng lumilipat sa isang long-term care home na pinili ng placement coordinator ay patuloy na mananatili sa waitlist ng kategorya ng krisis para sa kanilang nangungunang limang pagpipilian. Kapag lumipat ka na sa isang tahanan, makikipag-ugnayan sa iyo ang placement coordinator upang talakayin ang mga opsyon sa paglipat at makipagtulungan sa iyo upang piliin ang iyong mas gustong mga tahanan para sa paglipat sa hinaharap, kung hindi mo pa ito nagagawa.

### Nag-aplay ako para sa isang basic na kama at wala akong kakayahang magbayad para sa isang pribado/semi-pribadong silid na inaalok mo. Kailangan ko bang magbayad ng mas mataas na singil para sa pribado/semi-pribadong kama?

Ang placement coordinator ay direktang makikipagtulungan sa tahanan upang gawing available ang kama sa basic accommodation rate. Kakailanganin mo lamang na magbayad para sa uri ng kama na iyong hiniling. Sa sandaling lumipat ka sa tahanan, ilalagay ka sa isang internal transfer list ng paglilipat para sa basic rate ng akomodasyon. Kapag magkaroon ng basic na kama, kakailanganin mong lumipat sa basic na kamang iyon o magsimulang magbayad ng singil sa mas gustong akomodasyon para sa kasalukuyang silid.

### Paano kung makarating ako sa long-term care home at hindi ko gusto ang tahanan?

Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa long-term care home, mangyaring makipag-usap sa Administrador ng tahanan upang malutas ang mga isyu. Maaari mo ring kontakin ang Suporta sa Pamilya ng Pangmatagalang Pangangalaga at Linya ng Pagkilos ***(Long-Term Care Family Support and Action Line)*** sa 1-866-434-0144 o ang ***Ombudsman ng Pasyente (Patient Ombudsman)*** sa 1-888-321-0339 upang ipahayag ang iyong mga alalahanin at mga reklamo.

### Ano ang mangyayari kung hindi ko tinanggap ang alok sa kama?

Kung tatanggihan mo ang isang alok sa kama mula sa isang long-term care home, patuloy kang mananatili sa waitlist para sa mga long-term care home na pinili mo at ng placement coordinator. Maging ang tahanan man ay pinili mo o ng placement coordinator, ang pangkat ng pagpapauwi (discharge team) ng ospital ay aabisuhan kung tinanggihan mo ang isang alok sa kama.

**Sisingilin ka ng mga ospital ng halagang $400 bawat araw kung hindi ka na nangangailangan ng acute medical care at nakatanggap ng isang alok para sa isang kama sa long-term care pero pinipiling manatili sa ospital habang naghihintay ng isang kapaligiran na pinakamahusay na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan sa pangangalaga. Hinihikayat ang mga pasyente at mga kapalit na tagapag-desisyon na direktang makipag-usap sa ospital kung mayroon kang mga tanong o mga alalahanin tungkol sa bayad.**

### Kung hindi ako nasisiyahan sa proseso, sino ang maaari kong makausap tungkol sa aking mga alalahanin?

Mangyaring makipag-usap sa iyong placement coordinator upang talakayin ang anumang mga alalahanin o mga reklamo. Ang placement coordinator ay pinakapamilyar sa iyong sitwasyon at gustong marinig kung ano ang maayos na nangyayari at kung ano ang maaari nilang gawin upang matugunan ang iyong mga alalahanin. Ang placement coordinator mo ay makikipagtulungan sa iyo o sa iyong kapalit na tagapag-desisyon upang tugunan ang anumang mga alalahanin. Kung ang alalahanin mo ay hindi natugunan sa iyong kasiyahan, maaari kang makipag-ugnayan sa iyong lokal na patient experience team ng Home and Community Care Support Services. Kung hindi nalutas ang iyong mga alalahanin sa Home and Community Care Support Services, maaari kang makipag-ugnayan sa ***Long-Term Care Family Support and Action Line*** sa 1-866-434-0144 o sa ***Patient Ombudsman*** sa 1-888-321-0339.

**Para sa karagdagang impormasyon:**

- 310-2222 (walang area code na kailangan) | ***www.healthcareathome.ca***
- Pangmatagalang pangangalaga sa Ontario: ***www.ontario.ca/page/ministry-long-term-care***
- Para sa mga virtual tour sa mga long-term care home sa Ontario: ***www.thehealthline.ca***
  Ilagay ang iyong lungsod o postal code sa patlang ng paghahanap, pagkatapos ay hanapin ang “mga long-term care home”
- Para sa mga report ng inspeksyon sa long-term care: ***http://publicreporting.ltchomes.net/en-ca/default.aspx***

Ontario